



ANO ANG DAPAT GAWIN KUNG AKO AY BIKTIMA O SAKSI SA ISANG KRIMEN NG PAGKAMUHI (HATE CRIME)?

Tumawag agad sa 9-1-1

Ibahagi ang lahat ng impormasyon at detalye tulad ng mga kilos o mga salitang sinabi ng agresista at iba pang impormasyon na magpapatunay at makakatulong sa pagresolba ng krimen.

ANO ANG DAPAT GAWIN KUNG AKO AY BIKTIMA O SAKSI SA ISANG INSIDENTE NG PAGKAMUHI?

Para i-ulat ang isang insidente ng pagkamuhi (incident of hate), puede mo na ipadala ang ulat sa kina-uukulan sa pamamagitan ng pagsulat ng mga detalye sa internet address na:

spvm.qc.ca/haineux

Kung maari, puede din kayo magbigay ng inyong personal na salaysay sa pinakamalapit na himpilan ng pulis.

Kung gusto ninyo na ipagbunyag ang insidente ou krimen ng pagkamuhi (incident or crime of hate) sa paraan na hindi kayo nagpapakilala (anonymously) puede ninyo ireport ang mga detalye sa pamamagitan ng patawag sa Info-Crime Montréal sa telepono na 514 393-1133.

Mga insidente at krimen ng pagkamuhi,

Tuligsain at ireport!

spvm.qc.ca

MGA INSIDENTE AT KRIMEN NG PAGKAMUHI,

tuligsain at ireport.

Montréal 

Tuligsain at ireport!

ANO BA ANG KRIMEN NG PAGKAMUHI (HATE CRIME)?

Ito ay paglabag na kriminal: “Ang isang pagkasala ay kinokonsiderang krimen ng pagkamuhi (hate crime) kung ito ay iniudyok o hinihinalang hinikayat ng galit ou pagkamuhi sa isang lahi, nasyonalidad o etnisidad, wika, kulay ng balat, relihiyon, kasarian, edad, mental o pisikal na kapansanan, sekswal na oryentasyon o anumang iba pang katulad na kadahilanan.”

Mga halimbawa ng mga krimen ng pagkamuhi:

- Pagguhit ng isang swastika;
- Paggamit ng mga banta laban sa isang tao dahil sa kanilang relihiyon;
- Pisikal na pag-atake sa isang tao dahil sa kulay ng kaniyang balat.

ANO BA ANG ISANG INSIDENTE NG PAGKAMUHI (INCIDENTS OF HATE)?

Nasasakop nito ang lahat ng aksyon ng pagkamuhi o galit na hindi criminal ang katangian at maaring makaapekto sa pakiramdam ng seguridad ng isang makikilalang tao o grupo ng mga tao at kung saan, bibigyan ng isang konteksto, ay maaring maintindihan dahil sa kanilang lahi, nasyonalidad, etnisidad, wika, o kulay ng kaniyang balat relihiyon, kasarian, edad, mental o pisikal na kapansanan, o sekswal na oryentasyon o kapansanan.

Mga halimbawa ng mga insidente ng pagkamuhi:

- Pagpapamahagi ng mga nakakasakit at insecure na materyal na nagtatarget sa isang pangkat etniko;
- Pag-insulto o pagtawag ng mga pangalan ng isang tao dahil sa kanilang katayuan sa lipunan o sa mga social network;
- Paggawa ng mga kilos na nakakasakit sa isang tao dahil sa kanilang sekswal na oryentasyon.

ANO ANG MGA EPEKTO NGA MGA INSIDENTE AT KRIMEN NG PAGKAMUHI (INCIDENTS AND CRIMES OF HATE)?

Sa biktima:

- Kahihyan;
- Pagbaba ng pagpapahalaga sa sarili, pagkakakilanlan at dignidad;
- Kadalasan na nakakaranas ng mas mataas na antas ng karahasan kaysa sa mga biktima ng iba pang uri ng krimen;
- Takot na makilala at sa puedeng pag-ulit ng insidente;
- Paghihiwalay o pag-iisa.

Sa komunidad:

- Ang pakiramdam at seguridad ng mga miyembro ng komunidad na nababahala ay maaring maapektuhan;
- Ang kabuuan ng komunidad ay apektado;
- Nakakapinsala ang mga krimen at insidente ng pagkamuhi sa ating lipunang multicultural.

BAKIT DAPAT AKO NA MAGREPORT NG INSIDENTE O KRIMEN NG PAGKAMUHI (INCIDENTS OR CRIMES OF HATE)?

Prioridad ng ating pulisya (SPVM) ang paglaban sa krimen na ito kahit anuman ang kabigatan ng kilos.

Pinapahalagahan ng ating pulisya (SPVM) na itaas ang kamalayan sa mga palatandaan ng krimen at insidente ng pagkamuhi (incidents and crimes of hate) at hinihikayat ang lipunan na maging mapagbantay.